MotoLyrics

MotoLyrics.com
Biggest, regularly updated and free lyrics database

# Zsa Zsa Padilla
# "Sayang"

Visit "Sayang" on MotoLyrics.com

Sayang ngayon lang tayo nagkatagpo,
Ngayon na rin magkakalayo;
Bakit kaya
MinsaÂ’y sadyang kay damot ng tadhana?
O sayang
SanaÂ’y nakilala na kita
Noong ako ay malaya pa;
Katulad mo,
Malayang nasusunod ang puso

Chorus:sanaÂ’y maaaring ibalik ang kahapon,
At duoÂ’y magisnan na ang pag-ibig mo;
Sa dalangin ay hinihiling kong
Lumakad sanang pabalik ang panahon (ohÂ–)
SanaÂ’y maaaring ibalik ang kahapon
At iguhit na muli ang nakaraan;
SanaÂ’y kaya kong baguhing lahat
Sa nakalipas nating kasaysayan,
O sayang

Sayang
Huling dumating ka sa buhay ko
Ang pag-ibig na katulad mo;
Bakit kaya,
MinsaÂ’y sadyang kay damot ng tadhana?
O sayang,
Pagsuyong ngayon lang dumating,
Hindi na maaaring angkinin,
Ng tulad kong
Wala nang kalayaan pang umibig
SanaÂ’y maaaring ibalik ang kahapon,
At duoÂ’y magisnan na ang pag-ibig mo;
Sa dalangin ay hinihiling kong
Lumakad sanang pabalik ang panahon (ohÂ–)
SanaÂ’y maaaring ibalik ang kahapon
At iguhit na muli ang nakaraan;
SanaÂ’y kaya kong baguhing lahat
Sa nakalipas nating kasaysayan,
Talagang sayang,
O sayang
Sayang!

Visit Zsa Zsa Padilla page on MotoLyrics.com, to get more lyrics and videos.